ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 7| July 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

# ANTAS NG KAKAYAHAN SA FILIPINO I NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG SA PAARALANG PAMPUBLIKONG SEKUNDARYA NG BAMBANG: BASEHAN PARA SA DEBELOPMENT AT BALIDASYON NG WORKTEXT

**Gloria Otia-Timbol**
*Nueva Vizcaya State University, Bambang, Nueva Vizcaya, Region 02 Philippines*

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay upang makabuo ng Worktext sa Filipino I batay sa K-12 Kurikulum na magagamit ng mga guro at mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Bambang National High School, Bambang, Nueva Vizcaya.

Dahil dito sisikaping matugunan ng pag-aaral ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kakayahan ng mga respondent sa Filipino I batay sa: pangkabatiran, pang-unawa, pagsusuri, paglalagom, paggamit, at pagpapahalaga?
2. Batay sa resulta ng pag-aaral, anong kagamitang pampagtuturo ang kailangang mabuo upang mapabisa ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino I?
3. Ano ang lebel ng ebalwasyon ng mga guro/ulongguro at mga dalubhasa/eksperto sa Filipino sa nabuong worktext batay sa: layunin, aralin, pagsasanay at pagpapayamang-gawain?
4. Mayroon bang kapuna-punang pagkakaiba sa ebalwasyon ng dalawang pangkat ng mga respondent sa nabuong worktext sa Filipino I?

Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa mga aralin mula unang markahan hanggang ikaapat na markahan. Ito ay ginamitan ng metodolohiyang palarawan (descriptive) at pamaraang pagtataya (evaluation). Nababatay sa paghahanda ng worktext na ito sa Philippine Secondary Learning Competencies at silabus mula sa K-12 Kurikulum na ginamitan ng metodolohiyang palarawan, samantalang ang ebalwasyon ng worktext ay ginamitan ng pagtataya (evaluative). Isinagawa ang pagtataya ng mga guro/ulongguro at dalubhasa/ekspert sa paghahanda ng worktext bilang kagamitang pampagtuturo gamit ang Worktext evaluation form 1 at ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Science-A gamit ang Worktext evaluation form 2 upang malaman ang antas ng ebalwasyon nila sa pagtanggap sa worktext ayon sa layunin, aralin, pagsasanay at pagpapayamang-gawain.

Makikita sa pag-aaral na ito ang kabuuang pagsusuri at ebalwasyon ng mga guro/ulongguro, dalubhasa/eksperto sa paglikom ng mga datos.

Sa pagtataya ng mga guro/ulongguro, nakita sa kinalabasan ng iba't ibang bahagi nito ang mga sumusunod:

1. Layunin. Lumabas sa layunin ng worktext na may panlahat na mean rating na 4.55 na may pasalitang deskripsyon na napakahusay. Ito ay nangangahulugang ang mga layunin ay tiyak, nasusukat, tumpak, sapat at relayabol. Nasusukat at nakakamtan sa itinakdang oras o panahon.
2. Aralin. Ito ay nagpapakita ng kabuuang mean rating na 4.67 at may pasalitang deskripsyon na napakahusay. Nangangahulugan na ang worktext ay naglalaman ng mga araling sapat sa pagkatuto at mga konseptong naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang magkaroon ng komunikasyon sa ibang tao at magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay.
3. Pagsasanay. Ito ay may panlahat na kabuuang mean rating na 4.67 na may pasalitang deskripsyon na napakahusay. Samakatwid, ang mga pagsasanay ay mabisa at komplimentari sa mga konsepto ng pagkatuto.
4. Pagpapayamang-gawain. Nakitang may panlahat na mean rating na 4.65 na may katumbas na pasalitang deskripsyon na napakahusay.

Batay sa isinagawang ebalwasyon ng dalawang pangkat ng mga respondent sa mga layunin, aralin, pagsasanay at pagpapayamang-gawain, ang kinalabasan ng worktext ay:

1. Ang nadebelop na worktext ay naaayon sa kaukulang istandard kaugnay ng mga layunin.
2. Ang worktext ay naglalaman ng mga araling makatutulong sa pagdebelop sa malawak na kasanayan sa pakikipagtalastasan .
3. Ang mga konsepto o nilalaman ng worktext ay kawili-wili at nagbibigay ng hamon sa mga mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 7| July 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

4. Maayos ang pagkakagawa, madaling maintindihan at naglalaman ng mga pagpapahalagang dapat matutuhan ng mga mag-aaral.
5. Napakahusay at akmang-akma sa pag-aaral ng mga kabataan sa henerasyon ngayon.
6. Nahuhulma ang kaisipan ng mga mag-aaral dahil sa tiyak na mga layunin ng worktext.
7. Maganda at kaaya-aya. Ang mga kwento at nilalaman ng worktext ay ayon at akma sa lebel ng pang-unawa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang.
8. Ito ay nagsisilbing instrumento para matuto at mag-aral nang mabuti ang mga mag-aaral.
9. Makulay, kaiga-igaya at tama lamang ang laki ng mga titik sa bawat gawain sa aralin.
10. May mga napunang pagkakamali sa ayos at pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
11. May mga naitalang "clerical errors" na dapat ayusin.
12. Walang babaguhin, ayusin lamang ang ilang bahagi.
13. Napakahusay ang pagkakabuo at pagkakasunud-sunod ng mga aralin sa bawat markahan.
14. Simple ang paglalahad ng mga ebalwasyon sa bawat aralin na siyang dapat para malaki ang tyansa ng mag-aaral upang pumasa.
15. Pagtuunan nang pansin ang baybay ng mga salita at ang wastong gamit ng malaking titik.
16. Matiyaga at mahusay ang gumawa ng worktext na ito.
17. Nakapupukaw ng interes ang iba't ibang istilo at istratehiyang ginamit sa mga aralin at pagsasanay.
18. Ayusin ang ibang panuto upang lalong maunawaan ang mga ito. Dapat lagyan ng paraan ng pagpupuntos o rubrics sa bawat aktibidades.
19. Bigyang-pansin ang bawat gawain kung gaano kadali o kahirap para alam kung kailan matatapos ng mga mag-aaral.
20. Sundin ang mga tuntunin at format sa pagsulat ng panuto.

Ang mga dalubhasa o eksperto ay nagsagawa rin ng kanilang pagtataya sa nabuong worktext batay sa pamantayan ng ebalwasyon. Natuklasan sa mga layunin, aralin, pagsasanay, at pagpapayamang-gawain ang mga sumusunod:

1. Ang layunin sa nabuong worktext ay may panlahat na mean rating na 4.63 na may pasalitang deskripsyong napakahusay, na nakikita sa Table 8.

2. Kapansin-pansin din sa mga aralin na sa lahat ng aytem ay mayroong mataas na mean at ang panlahat na mean ay 4.64 na may pasalitang deskripsyong napakahusay. Ito ay nangangahulugang ang kabuuan ng mga aralin ay angkop at maaaring gamitin ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto.

3. Natuklasang may panlahat na mean na 4.69 na may pasalitang napakahusay ang worktext batay sa pagsasanay. Nakikita ito sa Table 10, at mariing sumasang-ayon ang mga dalubhasa at eksperto sa lahat ng aytem dito.

4. Ang huling tinaya ay ang pagpapayamang-gawain na nagresulta sa panlahat na mean na 4.65 at may pasalitang deskripsyong napakahusay. Pinatutunayan ng mataas na mean na ang mga salitang ginamit sa gawain at pagsasanay ay akma at kawili-wili.

## MGA KONKLUSYON

Ang kinalabasan ng ebalwasyon ng mga respondent na mga guro, ulongguro, dalubhasa at eksperto , at sa pagsusuri ng mga nalikom ng mananaliksik na datos ang naging batayan ng mga sumusunod na konklusyon:

1. Ang nabuong worktext ay makatutulong bilang kagamitang pampagtuturo tungo sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

2. Ang nabuong kagamitang pampagtuturo para mapabisa ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang Nadebelop na worktext sa Filipino 1 na binubuo ng pagsasanay at mga pagpapayamang –gawain mula Unang markahan hanggang Ikaapat na Markahan ay maaaring gamitin ng mga mag-aaral sa anumang pampublikong paaralan batay sa K-12 kurikulum.

3. Ang nabuong worktext ay katanggap-tanggap bilang isang balidong instruksyunal na materyal na makatutulong sa pagpapaunlad sa performans o antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino.

4. Halos walang pagkakaiba ang resulta ng ebalwasyon ng mga guro, ulongguro, dalubhasa at ekspert sapagkat nakikita sa mga datos na nalikom na magkakaparehong matataas ang panlahat na mean na may pasalitang deskripsyong napakahusay.

## MGA REKOMENDASYON

Matapos masuri ng mananaliksik ang kinalabasan ng pag-aaral na ito, nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Gamitin ang worktext bilang kagamitang pampagtuturo sa Filipino 1 para sa Ikapitong Baitang ng Bambang National High School at mga pampublikong paaralan sa Nueva Vizcaya .

2. Maaaring ipasubok din ang worktext na ito sa iba pang pampublikong paaralan ng Nueva Vizcaya upang lalong mapagtibay ang bisa nito.

3. Maging batayan ng iba pang mananaliksik upang madagdagan at matugunan ang kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturo.

4. Ganyakin at hikayatin pa ang mga guro upang bumuo at gumawa ng worktext na ipagagamit sa mga mag-aaral, nang sa gayon ay magkaroon ng malaking tyansang pumasa sa asignaturang Filipino.

5. Magsagawa ng pag-aaral sa pagbuo ng worktext upang higit na maging kawili-wili ang proseso ng pagkatuto at mapaunlad ang antas ng performans sa Filipino.

Ang kurikulum sa edukasyon ay nagbabago upang lalong matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral tungo sa pagkamit ng mas malawak at makabuluhang kaalaman. Ang

Filipino 1 sa binagong kurikulum sa sekundarya ay nagbigay ng panibagong tuon para matugunan ang mga suliraning namalas sa pagtuturo at pagkatuto nito. Kaya sa kasalukuyan ay lalong malilinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa, pang-unawa, pagsulat at maging sa pagsasalita.

Upang mapadali ang proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral at lalo pang maiangat ang kakayahan ng mga guro mula sa tradisyonal na sistema ng pagtuturo, ang mananaliksik ay nahikayat na magsagawa ng isang pananaliksik. Bilang bahagi ng pananaliksik na ito, ay ang nabuong worktext sa Filipino 1 na nakatuon para sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang.

Laman ng worktext na ito ang mga aralin alinsunod sa Philippine Secondary Learning Competencies ng DepEd Kurikulum, K-12, DepEd Memo no. 97, s. 2012. Nakapaloob sa Grade 7 Learning Package na ito, ang mga nakatakdang aralin sa bawat markahan. Kinapapalooban ito ng apat (4) na markahan.

Sa bawat aralin at pagtalakay ay may nakahandang mga pagsasanay, pagtataya at karagdagang-gawaing lilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral na sumasagot sa mga kritikal na katanungan nang naaayon sa kanilang opinyon at nararamdaman. Sa pamamagitan nito, naipahahayag nila ang kanilang saloobin nang makabuluhan, ayon sa hinihingi ng sitwasyon, kung hindi man nila nagagawa sa pasalitang aktibiti.

Sadyang iniakma ng mananaliksik ang mga gawaing nakapaloob para sa ikapitong baitang upang lalo pang malinang at mahasa ang kanilang mga kasanayang pampanitikan bukod pa sa kaalaman sa pagsulat, paggawa ng mga pag-aaral-suri, pananaliksik at pagtuklas ng iba pang karunungan.

Ang worktext na ito'y magiging katuwang ng guro upang lalong mapagaan at mapadali ang gawaing-pagtuturo. Lalo pang magkakaroon ang guro ng sapat na oras para sa pananaliksik ng makabagong istratehiya at sa paghahanda ng iba pang kagamitang pampagtuturo.

Inaasahang sa mapamaraan at masigasig na pamamatnubay ng guro sa paggamit ng worktext na ito, napauunlad ang mga mag-aaral tungo sa mabisang pakikipagtalastasan, mapalawak ang kanilang karanasan at magiging mahusay sa paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng pagkakataon.

**WORKBOOK**
**MGA NILALAMAN**

Pahina

Paunang Salita....................................................82
Pasasalamat....................................................84
Mga Nilalaman ....................................................85

**Unang Markahan**

Mga Aralin
1. Batang-Bata Ka Pa ………………………………………... 89
2. Ang Sundalong Patpat …………………… …………………. 97
3. Isang Dosenang Klase ng High School Student …………... 108
4. Sandaang Damit ……………………………………………… 120
5. Kung Bakit Umuulan ……………………………………….. 129
6. Alamat ni Tungkung Langit ………………………………….. 138
7. Salamin ………………………………………………………. 148
8. Ang Pintor ………………………………………………... 155
9. Impeng Negro ……………………………………………….. 162

**Ikalawang Markahan**

Mga Aralin:
1. Ambahan ni Ambo…………………………………………….. 175
2. Nemo, Ang Batang Papel…………………………………….. 187
3. Mabangis na Lungsod………………………………………… 196
4. Ang Alamat ni Daragang Magayon………………………….. 205

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 7| July 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

5. Kay Mariang Makiling………………………………………. 214
6. Ang mga Duwende……………………………………………. 221
7. Trese Isyu 5…………………………………………………. 229
8. Alamat ni Waling-Waling…………………………………….. 240
9. Mga Alamat (Kabanata 3, El Fili……………………………... 249

**Ikatlong Markahan**

Mga Aralin:

1. Braces…………………………………………………………... 259
2. Tutubi-Tutubi'Wag Kang Pahuhuli sa Mamang Salbahe… 266
3. Taglish: Hanggang kailan…………………………………….. 277
4. Ang Kapangyarihan ng Wika ………………………………… 279
5. Pandesal ……………………………………………………. 302
6. Pork Empanada ……………………………………………. 304
7. Ibong Adarna ……………………………………………….. 316
8. Magkabilaan ………………………………………………… 325
9. Nang Maging Mendiola ko ang Internet dahil Kay Mama … 333

**Ikaapat na Markahan**

Mga Aralin:

1. Hari ng Tondo……………………………………………….. 345
2. Upuan………………………………………………………… 353
3. Ampalaya……………………………………………………. 361
4. Nagsimula sa Panahon ng Yelo……………………………... 370
5. Bagong Bayani………………………………………………. 377
6. Bayan Ko: Laban O Bawi……………………………………. 385
7. Pulangi……………………………………………………….. 394
8. Obra………………………………………………………….. 402
9. Bertdey ni Guido……………………………………………. 413

Talasanggunian ………………………………………………………….. 426